CALIFORNIA High-Speed Rail Authority

PUBLIC NOTICE

ABISO NG PAGKAKAROON/ABISO NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG

California High-Speed Rail Project –
Seksyon ng Proyekto mula San Francisco hanggang San Jose

DRAFT NG ULAT UKOL SA EPEKTONG PANGKAPALIGIRANENVIRONMENTAL/PAHAYAG SA EPEKTO SA

Inaanunsyo ng California High-Speed Rail Authority (Authority) ang pagkakaroon ng Draft Environmental Impact Report (EIR, Ulat ng Epekto sa Kapaligiran)/Environmental Impact Statement (EIS, Pahayag sa Epekto sa Kapaligiran) para sa Seksyon ng Proyekto mula San Francisco hanggang San Jose (Seksyon ng Proyekto, o proyekto) ng Proyekto ng California High-Speed Rail (Napakabilis na Tren ng California). Ang Draft na EIR/EIS ay inihanda at ginagawang makukuha alinsunod sa parehong California Environmental Quality Act (CEQA, Batas sa Kalidad ng Kapaligiran ng California) at National Environmental Policy Act (NEPA, Batas ng Pambansang Patakaran sa Kapaligiran). Ang Authority ang namumunong ahensya para sa proyekto sa ilalim ng CEQA at NEPA.

Ang Draft na EIR/EIS para sa Seksyon ng Proyekto mula San Francisco hanggang San Jose at ang mga kaugnay na dokumento ay mababasa ng publiko sa Hulyo 10, 2020.

ng Draft na EIR/EIS para sa Seksyon ng Proyekto mula San Francisco hanggang San Jose ay makukuha online sa pormat na PDF sa website ng Authority (www.hsr.ca.gov) o maaari kang humiling ng kopya sa pamamagitan ng pagtawag sa 800-435-8670.

Ang pag-aaral na pangkapaligiran, pagsangguni, at iba pang mga pagkilos na iniaatas ng mga naaangkop na pederal na batas para sa kapaligiran para sa proyektong ito ay isinasagawa o isinagawa ng Estado ng California alinsunod sa 23 United States Code (U.S.C., Kodigo ng Estados Unidos) 327 at Memorandum of Understanding (MOA, Memorandum ng Pag-unawa) na pinetsahan noong Hulyo 23, 2019, at isinagawa ng Federal Road Administration (FRA, Pederal na Pangasiwaan sa Daan) at ng Estado ng California. Sa ilalim ng MOU, ang Authority ay ang namumunong ahensya ng proyekto sa ilalim ng NEPA. Bago ang MOU ng Hulyo 23, 2019, ang FRA ang namumunong pederal na ahensya.

IMINUMUNGKAHING PROYEKTO AT LOKASYON

Ang Pambuong-Estadong Programang (Baitang 1) EIR/EIS ay nakumpleto noong 2005 bilang unang yugto ng nakabaitang na proseso ng pag-aaral na pangkapaligiran para sa iminumungkahing sistemang HSR na ipinlano upang magkaloob ng maaasahang napakabilis na pinaandar ng kuryenteng sistema ng tren na kumukonekta sa mga pangunahing lugar sa lungsod ng estado at naghahatid ng mga inaasahan at hindi pabagu-bagong mga oras ng pagbibiyahe. Ang karagdagang hangarin ay upang magkaloob ng ugnayan sa mga pangkomersyong paliparan, pampublikong transit, at sistema ng lansangang bayan at upang bawasan ang mga limitasyon sa kapasidad ng kasalukuyang sistema ng transportasyon habang lumalaki ang mga pangangailangan sa paglalakbay sa pagitan ng mga lungsod sa California, sa paraang sensitibo sa at mapagprotekta sa katangi-tanging likas na yaman ng California. Ang pangalawang nasa antas ng programang (Baitang 1) EIR/EIS ay nakumpleto noong 2008 na nakatuon sa koneksyon sa pagitan ng San Francisco Bay Area at Central Valley; nirebisa ng Authority ang dokumentong ito sa ilalim

Ang mga pasilidad para sa pagpupulong ay mapupuntahan ng mga taong may mga kapansanan o nangangailangan ng tulong upang makibahagi. Para sa mga serbisyo ng pagsasalin sa wika, o mga espesyal na pangangailangan, mangyaring tumawag sa 800-435-8670.

ng CEQA at nakumpleto ito noong 2012. Batay sa mga Programang EIR/EIS, pinili ng Authority ang mga mas ninanais na corridor at lokasyon ng istasyon upang sumulong para sa higit pang pag-aaral.

Ang EIR/EIS ng Seksyon ng Proyekto mula San Francisco hanggang San Jose ay ang nasa antas ng proyektong (Baitang 2) EIR/EIS na nagmumula sa mga dokumento ng antas ng programang (Baitang 1) EIR/EIS. Nagkakaloob ito ng nasa antas ng proyektong impormasyon para sa pagpapasya sa bahaging ito ng sistemang HSR.

Isasamoderno ng Seksyon ng Proyekto ang corridor ng riles sa pagitan ng San Francisco at San Jose at magkakaloob ng serbisyo sa pagitan ng Salesforce Transit Center sa San Francisco at ng San Jose Diridon Station. Sa simula, hihinto ang mga tren ng HSR sa 4th and King Street Station sa San Francisco (isang pansamantalang istasyon ng HSR), at sa oras na makumpleto ng Transbay Joint Powers Authority ang Downtown Extension Project, makakaabot ang mga tren ng HSR sa Salesforce Transit Center sa San Francisco. Ang Seksyon ng Proyekto ay binubuo ng limang pangheograpiyang subseksyon:

- San Francisco hanggang South San Francisco—mula 4th and King Street Station sa San Francisco hanggang Linden Avenue sa South San Francisco
- San Bruno hanggang San Mateo—mula Linden Avenue sa South San Francisco hanggang Ninth Avenue sa San Mateo
- San Mateo hanggang Palo Alto—mula Ninth Avenue sa San Mateo hanggang San Antonio Road sa Palo Alto
- Mountain View hanggang Santa Clara—mula San Antonio Road sa Palo Alto hanggang Scott Boulevard sa Santa Clara
- San Jose Diridon Station Approach—mula Scott Boulevard sa Santa Clara hanggang West Alma Avenue sa San Jose

Noong 2012, ang Caltrain, ang Authority at ang iba pang mga kasama sa rehiyon ay sumang-ayong patakbuhin sa kuryente ang kasalukuyang Caltrain corridor, ipagamit sa dalawang sistema ng train ang mga riles, at panatilihin ang corridor bilang pangunahing daanan ng tren na may dalawang riles. Pangunahing susundin ng Seksyon ng Proyekto ang kasalukuyang right-of-way ng Caltrain sa pagdaan sa kalunsuran sa mga County ng San Francisco, San Mateo, at Santa Clara kabilang ang mga lungsod at komunidad ng San Francisco, Brisbane, South San Francisco, San Bruno, Millbrae, Burlingame, San Mateo, Belmont, San Carlos, Redwood City, North Fair Oaks, Atherton, Menlo Park, Palo Alto, Mountain View, Sunnyvale, Santa Clara, at San Jose.

Kabilang sa Seksyon ng Proyekto ang tinatayang 43 hanggang 49 na milya ng magkahalong[1] imprastruktura ng sistema kasama ang Caltrain at hanggang 6 na milya ng imprastrukturang nakalaan sa HSR (depende sa alternatibo at opsyong viaduct). Ang mga istasyong nagkakaloob ng serbsiyo ng HSR ay matatagpuan sa San Francisco, Millbrae, at San Jose, at isang light maintenance facility (LMF, pasilidad sa pagpapanatili) ang ipapatayo sa silangan o kanluran ng Caltrain corridor sa lugar ng Brisbane Baylands. Ang LMF ay ang kung saan nililinis ang mga tren, at iniimbak nang sa gayon ay maipadala ang mga ito sa mga terminal na istasyon ng HSR sa simula ng araw. Mayroon ding mga plano para sa pagpapaunlad sa lugar ng Brisbane Baylands at patuloy na nakikipag-ugnay ang Authority sa Lungsod ng Brisbane at mga lokal na may-ari ng ari-arian pagdating sa kung paano maiaayon ang mga plano ng Authority at ng iba para sa lugar.

Sinusuri ng Draft na EIR/EIS ang mga epelto at kapakinabangan ng Alternatibong Walang Proyekto at dalawang alternatibo sa proyekto (Alternatibo A at Alternatibo B). Ang bawat alternatibo ay kinabibilangan ng mga istasyon ng HSR sa San Francisco, Millbrae, at San Jose at isang LMF sa Brisbane. Ang Mas Ninanais na Alternatibo ng Authority sa ilalim ng NEPA, na nagsisilbi bilang iminumungkahing proyekto para sa CEQA, ay ang Alternatibo A, isang magkahalong sistemang may dalawang riles na walang karagdagang passing track na kinabibilangan ng serbisyo sa isang istasyon sa hinaharap (Salesforce Transit Center, na magsisilbi bilang isang istasyon ng HSR kapag nakumpleto ng Transbay Joint Powers

[1] Ang *magkahalo* ay tumutukoy sa pagpapatakbo sa mga tren ng HSR kasama ang mga kasalukuyang tren para sa pagitan ng mga lungsod at commuter at panrehiyon sa parehong imprastruktura.

Authority ang Downtown Extension Project nito), tatlong kasalukuyang istasyon ng Caltrain na magkasamang gagamitin ng HSR at Caltrain (4th and King Street [isang pansamantalang istasyon lamang], Millbrae, at San Jose Diridon), at ang East Brisbane LMF. Ang Alternatibo B ay katulad ng sa Alternatibo A, ngunit kinabibilangan ng 6 na milyang haba ng passing track na may apat na riles sa pagitan ng San Mateo at Redwood City, West Brisbane LMF, at isang aerial viaduct papuntang San Jose Diridon Station.

MGA INAASAHANG EPEKTO

Ang malalaking epekto sa kapaligiran bago ang mitigasyon na magreresulta mula sa mga alternatibo sa proyekto ay inaasahan sa mga sumusunod na lugar ng mapagkukunan: transportasyon (mga epekto ng konstruksiyon at mga operasyon); kalidad ng hangin at mga greenhouse gas (mga epekto ng konstruksiyon); ingay at pagyanig (mga epekto ng konstruksiyon at mga operasyon); mga biyolohikal at pantubig na mapagkukunan (mga epekto ng konstruksiyon at mga operasyon); hidrolohiya at mga mapagkukunan para sa tubig (mga epekto ng konstruksiyon); mga mapanganib na materyales at basura (mga epekto ng konstruksiyon); kaligtasan at seguridad (mga epekto ng konstruksiyon at mga operasyon); pagpaplano para sa Istasyon, paggamit ng lupa, at pagpapaunlad (mga epekto ng konstruksiyon at mga operasyon); mga parke, panlibangan, at open space (mga epekto ng konstruksiyon); estetics at biswal na kalidad (mga epekto ng konstruksiyon); at mga mapagkukunang pangkultura (mga epekto ng konstruksiyon).

MGA LUGAR NG MAPANGANIB NA BASURA

Ang ilan sa mga pasilidad na kasama sa mga alternatibo sa proyekto ay matatagpuan sa o malapit sa mga lugar o pasilidad na nasa mga listahan ng mga mapanganib na basira at lugar na may kontaminasyon na inililista sa ilalim ng Seksyon 65962.5 ng Kodigo ng Pamahalaan ng California (Cortese List).

PANAHON NG PAGREREPASO NG PUBLIKO

Ginagawang makukuha ng Authority ang Draft na EIR/EIS na ito alinsunod sa CEQA at NEPA para sa pinamababang 45 araw na panahon ng pagrerepaso at pagkokomento. Sa panahon ng pagkokomento, maaaring isumite ang mga komento sa mga sumusunod na paraan:

- Sa pamamagitan ng koreo sa Attn: San Francisco to San Jose Project Section: Draft EIR/EIS, 100 Paseo de San Antonio, Suite 300, San Jose, CA 95113
- Sa pamamagitan ng website ng Authority (www.hsr.ca.gov)
- Sa pamamagitan ng email sa san.francisco_san.jose@hsr.ca.gov na may linya para sa paksa na “Draft EIR/EIS Comment”
- Pasalita sa pampublikong pagdinig na gaganapin sa Agosto 19 sa pagitan ng 3:00 pm at 8:00 pm sa Bay Area Metro Center, 375 Beale Street, Yerba Buena Room, San Francisco, CA 94105. Maaaring idaos ang pampublikong pagdinig sa format na virtual lamang dahil sa patuloy na sitwasyong COVID-19. Ang mga pasalitang komento ay pangangasiwaan at tatanggapin, ang pagdinig man ay isasagawa nang personal o virtual lamang.

Ang panahon ng pagkokomento ay mula Hulyo 10, 2020 hanggang Agosto 24, 2020. Ang mga komento ay dapat matanggap sa elektronikong paraan o matatakan ng koreo sa o bago ang Agosto 24, 2020.

Ihahanda ng Authority ang Pinal na EIR/EIS na kabibilangan ng mga tugon sa komentong natanggap sa panahon ng pagkokomento.

MGA OPEN HOUSE AT PAMPUBLIKONG PAGDINIG PARA SA KOMUNIDAD

UPDATE SA COVID-19

Dahil sa mga iniaatas para sa pampublikong kalusugan at kaligtasan tungkol sa coronavirus, ang (mga) open house at/o pampublikong pagdinig para sa komindad para sa Draft ng EIR/EIS ay maaaring kailanganing isagawa bilang online at/o tele-kumperensyang pagpupulong lamang. Mangyaring alamin sa website ng Authority (www.hsr.ca.gov) o tumawag sa (800) 435-8670 para sa higit pang impormasyon, kabilang ang mga bagong impormasyon sa mga naiplanong pagdinig at open house.

Iniimbitahan ka ng Authority na makibahagi sa mga open house at pampublikong pagdinig para sa komunidad na iniskedyul. Ang pampublikong pagdinig ay magbibigay ng oportunidad para sa publikong magsumite ng mga pasalitang komento tungkol sa Draft na EIR/EIS. Ang mga nakasulat na komento ay maaari ring isumite sa mga open house at pagdinig, kung personal na idaraos.

Magkakaroon ng mga Pilipinong tagapagsalin sa mga pagpupulong. Ang mga pasilidad ng pagpupulong ay mapupuntahan ng mga taong may mga kapansanan. Ang lahat ng kahilingan para sa mga makatwirang akomodasyon at mga serbisyo sa wika ay dapat patiunang isumite ng 72 oras bago ang naka-iskeyul na petsa ng pagpupulong. Mangyaring makipag-ugnay sa pangkat na nakikipag-ugnay sa publiko sa (800) 435-8670 o tawagan ang California Relay Service sa 711. Nasa ibaba ang listahan ng mga open house at petsa ng pagdinig, at mga lokasyon kung sa personal ang pagdaraos:

Mga Open House para sa Komunidad

San Francisco*: Hulyo 20, 4:00–7:00 p.m.—Bay Area Metro Center, 375 Beale St., Yerba Buena Room, San Francisco, CA 94105

Redwood City*: Hulyo 30, 4:00–7:00 p.m.— American Legion Post 105, 651 El Camino Real, Redwood City, CA 94063

Santa Clara*: Agosto 5, 4:00–7:00 p.m.— Santa Clara Marriott, 2700 Mission College Boulevard, Santa Clara, CA 95054

Pampublikong Pagdinig

San Francisco*: Agosto 19, 3:00–8:00 p.m.—Bay Area Metro Center, 375 Beale St., Yerba Buena Room, San Francisco, CA 94105

MGA KOPYA NG DRAFT NA EIR/EIS

Bisitahin ang website ng Authority (www.hsr.ca.gov), kung saan maaari mong i-download ang Draft na EIR/EIS. Maaari ka ring humiling ng kopya ng Draft na EIR/EIS sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 435-8670.

Ang mga naka-print at/o elektronikong kopya ng Draft na EIR/EIS at mga elektronikong kopya ng mga kaugnay na teknikal na ulat ay makukuha upang mapag-aralan sa mga sumusunod na lokayon sa mga oras kung kailan bukas ang mga pasilidad (ang mga araw/oras ng pagbubukas ay maaaring mabawasan bilang pagsunod sa mga direktiba para sa pampublikong kalusugan at kaligtasan):

- San Francisco—100 Larkin Street, San Francisco, CA, 94102 (San Francisco Library, Main Branch)
- Brisbane—250 Visitacion Avenue, Brisbane, CA, 94005 (Brisbane Library)
- South San Francisco—840 W. Orange Avenue, South San Francisco, CA, 94080 (South San Francisco Library)
- San Bruno—701 Angus Avenue West, San Bruno, CA, 94066 (San Bruno Library)
- Millbrae—1 Library Avenue, Millbrae, CA, 94030 (Millbrae Library)

- Burlingame—480 Primrose Road, Burlingame, CA, 94010 (Burlingame Library)
- San Mateo—55 W. Third Avenue, San Mateo, CA, 94402 (San Mateo Library, Main Branch)
- Belmont—1110 Alameda de las Pulgas, Belmont, CA, 94002 (Belmont Library)
- San Carlos—610 Elm Street, San Carlos, CA, 94070 (San Carlos Library)
- Redwood City—1044 Middlefield Road, Redwood City, CA, 94063 (Redwood City Library, Downtown Branch)
- Atherton—150 Watkins Avenue, Atherton, CA 94027 (Town Government Building)
- Menlo Park—800 Alma Street, Menlo Park, CA, 94025 (Menlo Park Library)
- Palo Alto—270 Forest Avenue, Palo Alto, CA, 94301 (Palo Alto Library, Downtown Branch)
- Mountain View—585 Franklin Street, Mountain View, CA, 94041 (Mountain View Library)
- Sunnyvale—665 W. Olive Avenue, Sunnyvale, CA, 94086 (Sunnyvale Library)
- Santa Clara—2635 Homestead Road, Santa Clara, CA, 95051 (Central Park Branch, Santa Clara County Library)
- San Jose—150 E. San Fernando Street, San Jose, CA 95112 (Dr. Martin Luther King, Jr. Library)

Ang mga naka-print at/o elektronikong kopya ng Draft ng EIR/EIS at mga elektronikong kopya ng mga nauugnay na teknikal na ulat ay makukuha para mapag-aralan sa mga oras ng tanggapan sa Panrehiyong Tanggapan sa Hilagang California ng Authority sa 100 Paseo de San Antonio, Suite 300, San Jose, CA 95113, at sa Punong Tanggapan ng Authority sa 770 L Street, Suite 620 MS-1, Sacramento, CA 95814. Maaari ka ring humiling ng kopya ng Draft na EIR/EIS at ng iba pang mga dokumento sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 435-8670.

Ang mga kopya ng mga dokumento ng Baitang 1 ay makukuha kung hihilingin sa pamamagitan ng pagtawag sa tanggapan ng Authority sa (800) 435-8670. Ang mga dokumento ng Baitang 1 ay maaari ring mapag-aralan sa mga tanggapan ng Authority sa mga oras ng tanggapan sa 770 L Street, Suite 620 MS-1, Sacramento, CA 95814 and 100 Paseo de San Antonio, Suite 300, San Jose, CA 95113.

Ang mga tanggapan ng Authority ay maaaring bawasan ang mga araw/oras, gaya ng iniaatas sa mga direktiba sa coronavirus para sa pampublikong kalusugan at kaligtasan. Mangyaring sumangguni sa www.hsr.ca.gov o tumawag sa (800) 435-8670 para sa bagong impormasyon.

Hindi nagdidiskrimina ang Authority batay sa kapansanan at, kapag hiniling, ay magkakaloob ng makatwirang akomodasyon para sa pantay-pantay na pag-access sa mga programa, serbisyo, at aktibidad nito.

DOWNTOWN SAN FRANCISCO
SALESFORCE TRANSIT CENTER
Downtown Extension (DTX)
4TH AND KING *
* 4th and King Street Station (interim until the Downtown Extension to the Salesforce Transit Center is completed)
SALESFORCE TRANSIT CENTER
4TH & KING STATION
SAN FRANCISCO COUNTY
SAN FRANCISCO TO SOUTH SAN FRANCISCO
CONTRA COSTA COUNTY
Brisbane
Linden Ave
SAN BRUNO TO SAN MATEO
MILLBRAE - SFO STATION
Burlingame
9th Ave
San Mateo
SAN MATEO COUNTY
Belmont
SAN MATEO TO PALO ALTO
ALAMEDA COUNTY
San Mateo
Redwood City
North Fair Oaks
Menlo Park
San Antonio Rd
MOUNTAIN VIEW TO SANTA CLARA
SANTA CLARA COUNTY
Mountain View
Scott Blvd
Santa Clara
SAN JOSE DIRIDON STATION
SAN JOSE DIRIDON STATION APPROACH
West Alma Ave
LEGEND
San Francisco to San Jose Alignments
Alternative A
Alternative B
Subsection Boundary
HSR Stations
Maintenance Facilities
San Jose to Merced Alignments
N
0 2 4 8
Miles
Kilometers
0 2 4 8